

Mensahe ng bagong Obispo ng Saitama
Reb. Msgr. Mario YAMANOUCI Michiaki, S.D.B



Ordinasyon episcopal:
24 ng Setyembre 2018

“Upang maging isang katawan, isang espiritu kay Kristo”
 (Ikatlong Eyukaristikong Panalangin)

1. Una sa lahat, nagpapasalamat ako sa inyo galing sa aking puso. At humihingi rin ako ng inyong pagbabasbas para sa akin.

Nagagalak ako na makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng liham na ito. Gaya ng ginawa ni Papa Fransisko sa kanyang unang pagbati sa balkonahe ng St. Peter sa gabi ng kanyang pagkahirang, 13 ng Marso 2013, humihingi rin ako sa inyo ng panalangin para sa akin at binibigay ko rin sa inyo ang pagbabasbas. Mula ngayon huwag tayong huminto sa pagdasal para sa bawat isa.

Sa unang sulat kong ito bilang Obispo ng Saitama, nais kong ibahagi sa inyo ang maigsi ngunit kumplikadong kasaysayan na hinabi ng Diyos ng Buhay sa buong 62 taon ng aking buhay. Sisikapin kong gawin na may kahambing sa Exodo ng Bibliya na naging para sa akin ay naging daan upang maintindihan ang Banal na Eskriptura na nagkatawan sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Naibahagi ko itong kuwento sa aking mga kaibigan at kakilala sa Argentina kung saan ako nanirahan sa loob ng 33 taon (1964-1997). At ang aking Espanyol ay mayroon tipikal na ekspresiyon ng mga bundok at kapatagan sa Argentina, ngunit nais ko na ang pagbabahagi kong ito ay mas maihatid sa lahat na nagbabasa sa pagsalin sa iba't-ibang lengguwahe.

2. Ang buhay na pinag-isa ng kanyang mga exodo.

Sa buhay natin ay maraming mga exodo na nagmarka sa ating pag-iral. Sa kaso ko ang nauna ay noong 1964, ako ay 8 at kalahating taon gulang, nang ang aking mga magulang ay nakapagdesisyon na lumipat sa kabilang bahagi ng mundo mula Japan, bitbit ako at ang aking apat na nakababatang mga kapatid at ang pinakabata ay isang at kalahating taon gulang. Ang pangalawa ay walang duda ay sa 1997 nang ako ay bumalik sa Japan sa pag-aakalang isang taon lang ako dito, ngunit nagpatuloy ito hanggang ngayon. At ang pangatlong exodo ay magsisimula ngayon

nang ako ay inilagay sa mas malawak na ecclesial horizon bilang Salesian na Obispo: may takot ngunit nagtitiwala sa awa ng Diyos at ako ay hahakbang pasulong.

2.1 Unang exodo: kasama ang aking mga magulang at mga kapatid (Gen.12:1)

Pagkatapos ng medyo mahabang paglalakbay bilang pari mula sa aking ordinasyon noong Disyembre 21, 1984 sa San Juan, Argentina, may nabasa akong maliit na libro na ang pamagat ay “Abraham at Sara” ni Carlos Mesters, isang Carmelitang misyonero sa Brazil, na nagpaintindi sa akin kung ano ang napagalaw ko, at una sa lahat, ang isinagawa ng aking ama na sa palagay ko ay isang kahangalang pakikipagsapalarang lumipat sa Argentina kung saan ang situwasyon sa Japan ay matatag na. Sa gitna ng oposisyon ng lahat ng kamag-anak, ang natatanging si Don Cesare Secchi, isang Italyanong misyonero ang nagsabi, “Kung ito ay kalooban ng Diyos, humayo kang may tiwala sa proteksiyon ng Birhen Maria”.



Naalala ko ang maraming beses na naibahagi sa akin ng aking ina, lalo na sa madilim na yugto kung saan ang aking pamilya ay nanirahan sa pangalawang bayan, Media Agua. Doon makikita ang bundok ng Andes na may pinakamataas na taluktok, Aconcagua. Sinabi ng aking ina sa akin, “Ang iyong ama ay isang tao ng pananampalataya. Naniniwala ako sa lakas ng Diyos na gumawa sa pamamagitan niya. May tiwala ako sa kanyang minimithing manirahan at palakihin kayong mga anak sa Argentina. Lyon ay pagnanais din ng Diyos sa ating pamilya.” Sinabi ito sa akin ng aking ina ng maraming beses.



Ano ang pinaka sentro ng pananampalataya na nag-udyok sa aking ama na lumipat sa isang malayong lugar? Itong karanasang ito ay katulad ng kay Abraham noong narinig niya ang tinig na sinabi sa kanya: “Umalis ka sa iyong lupain at pumunta ka sa lupain na ipakita ko sa iyo” ((Gen.12:1). At dahil sa napakalaking utopian na pangitain sa isip kaya lumisan kami sa Port ng Kobe sa 31 ng Mayo 1964, at dumaan sa Yokohama at Los Angeles, dumaan sa Panama Canal, at kumabig sa bandang Venezuela, Brazil at Uruguay at dumating sa Port ng Buenos Aires sa 21 ng Hulyo sa ganung taon din.

Mafequin (Cordoba, 1984-1991)

Natanggap ko ang ordinasyon pagkapari sa Katedral ng San Juan sa 21 ng Disyembre 1984, at pinadala ako sa post-novitiate community ng Miguel Rua bilang katekista. Habang nagtuturo ako ng teolohiya doon, dumalaw ako kada linggo sa kalapit na Parokya ng San Juan Bosco na tinawag na Mafequin. Wala pang kapilya noong panahon na iyo, kaya ang laki ng pasalamat ko sa prinsipal ng

paaralan dahil ginamit namin ang mga silid-aralan at patyo para sa katekesis at misa. Doon ko natutunan ang pagiging pastol ng mga tao... maraming mga kwento ... halimbawa, ang oratoryo sa Sabado at ang snacks, mga misa sa loob at labas ng patyo dahil minsan hindi magkasya ang mga tao, ang mga prosisyon sa daan at mga maliliit na altar sa harap ng mga bahay (minsan sumakay ako ng kabayo dahil nakatakas ang asno), ang regalo ng mga lupa para sa grotto at kapilya, at mga pangalan ng mga batang lalaki na ngayon ay mga 35 o 50 taon na, at ang iba ay namayapa na. ...Lahat ay naging mabuting mga kapatid, ama at ina at mga anak din.... Malaki ang pagnanais ko na bumalik doon balang araw upang makasalamuha ko sila kahit sa konting oras upang magpasalamat sa Diyos sa panahon na ginawa niya akong mamalagi sa Malfequin, ipagdasal ang mga namayapa na, at yakapin sila isa-isa, at magdasal sabay-sabay ng Aba Ginoong Maria sa harap ng grotto... sabay umiyak sa kaligayahan dahil sa pagsisimula ng komunidad ng “Maria ng Nasaret”... oo, kahit gumawa ka ng listahan ng lahat para sa akin, kahit ilang pahina pa, nais kong basahin ang kanilang mga pangalan at ialay silang lahat sa Panginoon sa misa na aking ialay mula ngayon hanggang sa ordinasyon episcopal.



Siyempre, wala tayong five-star na mga hotel sa Diyosesis ng Saitama, ngunit mayroon tayong “isang libong bituin” na mga bahay na magkasya lahat, kahit para silang mga sardinas sa lata, na may mga sleeping bags para sa mga Salesiano, ang diyosesis ay nagnanais na maging isang bahay na may bukas na mga pintuan...na may screen sa bintana para walang lamok... sabagay, kung sila ay makagat ng lamok, hindi sila makabalik sa Argentina, dahil ang mga lamok na ito ay nagdadala ng dakilang pagmamahal para sa Japan at Saitama... subalit, lagi silang tinatanggap.

Sa La Plata at Buenos Aires (1991-1997)

Sa taong 1991, sa kalagitnaan ng taon, kailangan kong lumipat galing Cordoba papunta La Plata dahil ang mga Salesianong provincial ng Argentina at Paraguay (6 mga probinsiya) ay naisip na maari akong pumalit kay Fr. Agustin Radrizzani, novice master, na kalian lang ay hinirang na Obispo ng Neuquen na pumalit kay Monsignor Jaime De Nevares.

Sa sumunod na taon ay sinimulan namin ang nobisyado sa paglipat sa dating nobisyado sa Ramos Mejia, sa Buenos Aires Province. Sa Jose Vespignani House, katabi ng Wilfrid Baron School kung saan si Papa Fransisko ay tumira noong nasa ikaanim na grado siya noong 1949.

Sa kalahating taon ng 1996 ako ay nagsimulang makaramdam ng tinig na pumunta sa Japan, ngunit hindi masyadong maliwanag...Datapwa't, noong 1986 binago ko ang aking nasyonalidad sa pagiging Japanese at naging

Argentine, kaya akala ko na ang pagbabalik sa aking bayan ay isang taon lang dahil sa tinatawag na “sabbatical year”.

3.2 Ikalawang exodo: isang emigrante lumipat galing Argentina papuntang Japan

Ang ikalawang exodo, sa tingin ko, ay ang pagbabalik ko sa Japan noong 27 ng Pebrero 1997. Ako ay 42 taong gulang noong una kong pag-apak sa Japan bilang Argentine na may Japanese na mukha. Maiisip mo lang kung paano naguluhan ang naramdaman ng isang Japanese noong unang narinig ang hindi magandang Japanese ko... iyon ay dahan-dahang pagkamatay, ngunit hindi buo, sa aking “ikalawang pagkatao” na hinarap sa Argentina. Naalala ko pa na kailangan kong sagutin ang katanungan habang papalapit na akong matapos sa isang taong paglagi sa aking probinsiya sa Oita: kailangan ko bang bumalik sa Argentina? Sabi ng lahat sa akin, “Ikaw ang bahala.” Lumipas ang isang taon, natanggap ko ang tatlong taon na visa sa opisina ng immigration. Sa ganitong oras ng disyerto ako ay aawit ng “Manlalakbay, walang ibang daan. Dumiretso ka pa sa iyong dinaanan.” Sinulat ni Antonio Machado, at nabasa ang aklat ni Carlos Gonzales Valles, isang misyonero sa India na ang mga aklat na Espanyol ay binabasa ng karamihan sa Argentina, at ako mismo ang direktang nakarinig sa Marist Hall sa Buenos Aires: “Sa ating paglalakad, gumagawa tayo ng sariling daan. Ang sining ng pagsabuhay sa kasalukuyan.”

At sa buong 20 taon na nanatili sa Japan, nakuha ko muli ang taginting sa loob ko sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba't-ibang mga manunulat na Argentine kagaya kay Mamerto Menapace, Castellani, Atahualpa, Leopoldo Marechal, Jose R. Perez sa kanyang thesis na “Pag-uunawa na naghahanap ng pananampalataya” at sa pakikinig sa musika ng gitara ni Eduardo Falu at ang banda ni Astor Piazzolla.

Bukod sa mga gawa ng mga philosophers ay ang maliit na aklat “Ang Masistemang Realismo” ni Etienne Gilson, “Ang Katapusan ng Modernong Panahon” ni Romano Guardini, “Ang Pag-ibig Lang Ang Karapat-dapat” ni von Balthasar, mga espirituwal na panunulat ni Karl Rahner, “Ang Ratzinger Report: Eksklusibong Panayam sa Estado ng Simbahan” ni V. Messori, ang maliit na aklat ni E.Schillebecks, “Kristo, ang Sakramento ng Pagtatagpo sa Diyos” at “Si Hesus Ngayon” ni A. Nolan, etc.

At ang mga aklat na isinalin mula sa Japanese sa Espanyol: nobela, mga kwento, essays, theses... nabasa ko lahat ito sa loob ng 20 taon. Nagsimula ako kay Endo Shusaku, at si Oe Kenzaburo, Kawabata Yasunuri, Mishima Yukio, Natsume Soseki at... kahit si Murakami Hakuri. Sa okasyon ng biyatiplikasyon ni Takayama Ukon natanggap ko ang mga essays na nag-imbetiga kung ano ang Japan sa ika-16 siglo sa panahon ng Age of Exploration mula sa Iberian Peninsula, atbp. Lahat ng ito ay magandang kayamanan, ngunit sa kasamaang palad ay halos hindi maabot sa akin sa orihinal na lengguwaheng Japanese.

2.3. Ang ikatlong exodo: “Magiging pastol na may amoy ng tupa” (Papa Fransisko)

Noong tinawag ako ng Apostolic Nuncio, Most Reverend Joseph Chenoth, akala ko ay gusto lang niya na ipaalagaan ang isang galing oversees gaya ng ginawa ko sa pagdalaw ng pamilya niya galing Kerala sa nakaraang linggo.

Nang makita niya ako kasama ang kanyang karaniwang ngiti, tinanong niya ako tungkol sa situwasyon ng mga Salesyano sa Japan. Sumagot ako na kami ay nasa pagbabagong-tatag na may pagsisikap sa pagharap ng mga kahirapan. At sinabi niya sa akin na mula ngayon ako ay magkakaroon ng panibagong pag-aalagad sa Simbahan, at hinirang ako ni Papa Fransisko na maging Obispo ng diocesis ng Saitama, na walang obispo mula sa gitna ng 2013 dahil sa pagbibitiw ni Obispo Tani at pinamahalaan ni Arsobispo Okada. Pinaalala ng Nuncio sa akin ang Ebanghelyo na nabasa sa Misa sa umaga: “Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako na mas mahigit pa kaysa mga ito?” At dalawang beses niya inulit na parang siya mismo si Hesus. Sa katapusan, binigyan niya ako ng apat na blangkong papel at sinabihan ako na isulat ang pagtanggap ko sa paghirang sa akin ng Papa. Babalik ang Nuncio pagkatapos ng 10 minuto at ipadala ito sa Roma.

Habang kinakausap ako ng Nuncio, nakatanggap ako ng espisyal na lakas, salamat sa bukas na shutters ng bintana na nakikita ang hardin: nakita ko ang puting estatuwa ni Mary Help of Christians na binigay ni Don Aldo Cipriani noong siya ay provincial o treasurer. Humingi ako ng kanyang proteksiyon ng may pananalig at nagsimula akong sumulat sa Papa:

“Dear Holy Father, Papa Fransisko”

... Ako ay simpleng anak lamang ni Don Bosco, na lumipat sa Argentina noong bata pa sa taon 1964. Ako ay naging naturalized Argentine citizen noong 1986 upang makapagturo sa mga paaralan. Noong ako ay nasa Ramos Mejia pagkatapos ng 1992, nalaman ko ang pangalan mo lalo na ang iyong presensiya sa San Cayetano (Liniers, Buenos Aires) na pinupuntahan mo kada taon bilang arsobispo upang makasama ang mga tao na pumipila sa paghahanap ng trabaho sa banal na lugar: at higit sa lahat, narinig ko ang pagbisita ninyo sa Basilica of Mary Help of Almagro; sinabihan ako ng mga kasama ko sa novitiate, Fr. Jose Repovs, na pastor ng Parokya ni San Carlos hanggang sa kanyang pagkamatay noong 20 Abril 2014, at nalaman ko ang mga sulat na pinadala mo kay Fr. Cayetano Bruno ng maraming beses... Ito ay mga pag-uusap kasama ang Holy Father na nagbahagi ng kusang-loob at nanghingi ng pagbabasbas para sa buong mundo. Sa katapusan, naramdaman ko na hindi talaga ako karapat-dapat sa serbisyo pastoral, ngunit



kung ito ay kalooban mo, ang iyong pagbabasbas ay sapat na para sa akin na tanggapin ng kababang-loob ang trabahong ito bilang pastol.

4. Ang malawak, kahanga-hanga, at hindi alam na patlang para sa akin

Ang mga Salesiano ay walang presensiya sa hilagang Tokyo, at wala din sa diocesis ng Saitama. Ngunit walang duda na meron din konting Salesian alumni at mga kaibigan doon. Dagdag nito, kahit kalian ay hindi ako tumira sa alin mang apat na prepektura ng diyocesis: Saitama, Gunma, Tochigi at Ibaraki. Ang kabuoang populasyon ay mga 14 milyones at ang bilang ng mga Katoliko ay 21,593, ibig sabihin, ito ay .15% sa lugar na 22,647 square kilometers. Ngunit nagulat kami, na kung bilangin kung ilan ang mga banyaga sa diyocesis, sa pag-aakalang sila ay mga Katoliko, ang bilang ay maaring lumagpas pa ng 100,000. Kung isasali natin ang mga Buddhist, Shinto at mananampalataya ng ibang relihiyon at isabuhay ang katangian ng Ebanghelyo na sumusuporta at maawain gaya ng pagpapadala sa atin ni Hesus, maaring madagdagan ang mga Kristiyanos.

217 na kinonsagrar na mga tao (mga pari, permanenteng diakono, seminarista, relihiyoso at relihiyosa) ay mga miyembro ng Katolikong komunidad ng Diyocesis ng Saitama. At sa mga kinonsagrar na mga laiko ay mga ibang lahi: Japanese, Koreano, Brazilian, Pilipino, Vietnamese, Peruviano, Americano, Indonesian, etc. Ang ibang hindi Japanese na mga tao ay nanirahan sa mga prepektura ng 20 taon, 30 taon o mahigit pa. Kaya ang kanilang mga anak ay halos hindi makapagsalita ng lengguwahe ng kanilang inang bayan. Ang bilang ng mga trainees na pumunta sa Japan bilang Lupang Ipinangako ay dumadami rin, at kahit sa matinding pagsisikap ay nagdurusa at dumaan sa kahirapan. Nagtanong si Papa Fransisko, dapat tayo ay maging “Simbahang Samaritano” para sa mga migrante, matatanda, at mga kabataan na dumanas ng kahirapan sa pamilya at paaralan. Dapat maging Simbahan tayo na umaakit sa kabataan na nakatira sa Japan.

Sa diyocesis na ito ay mayroong 54 parokya at 11 na mga block na pinaglingkuran ng mga 51 pari at 5 permanenteng diakono. Mayroon tayong 4 na relihiyosong mga kongregasyon at misyon ng kalalakihan at 17 para sa mga kababaihan. Mayroong 29 na mga relihiyosong kongregasyon sa kabuuan. Bilang Simbahan na nagpapalaganap sa pamamagitan ng edukasyon, mayroon tayong 19 kindergarten at day-care centers, 4 junior at senior high schools, 5 welfare na pasilidad para sa kabataan, 2 nursing homes at 5 retreat houses, etc. Kaya ang aking ninanais sa unang taon bilang Obispo ay sisikapin kong dalawin ang lahat ng mga parokya at relihiyosong mga kongregasyon, hindi sa pamamagitan ng e-mail kundi direktso at “harapan” at mayroong na-update na mga larawan upang makatulong na maalala ang mga mukha at mga pangalan sa madaling panahon.

Sa mga prepektura na bumuo sa diyosesis ay mayroong maraming Buddhist na templo na lugar ng panalangin at pilgrimage. Ang mga Shinto shrine na nasa kaibuturan ng kalikasan at sa mga nayon: at may mga Protestanteng Simbahan din... Walang duda na lahat ng ito ay napakahalagang kayaman ng spirituwalidad, sa usaping relihiyon at etika na kailangang ibahagi natin bilang kapatid.

Sa diyosesis na ito ay may mga internasyonal na sikat na mga siyudad gaya ng Tsukuba Space Center para sa siyantepikong pananaliksik, Hitachi na siyang simbolo ng paggawa ng sistemang elektroniks na patuloy na nagpamangha sa mundo, at Nikko na may Shinto shrine na dinadalaw ng mga daan-daang libong pilgrims at turista galing sa ibang panig ng mundo.

5. Pagtatapos: Maging saksi sa muling Nabuhay na Hesus bilang komunidad ng mga mananampalataya

Ang ibang mga mensahe ng Nuncio ay binigyang diin sa aming pag-uusap ay nakalagay sa aking puso: sa diyosesis ng Saitama, 75% o mahigit pa sa buong populasyon ng mga Katoliko ay mga migranteng manggagawa at marami sa kanila ay nagtrabaho sa Japan ng 20 taon o mahigit pa. At kamakailan lang ang "Trainee workers" na pumunta ng 3 hanggang 5 na taon na kontrata sa pamamagitan ng ahensiya, ay dumadami ang bilang. Ang pinakamarami ay Vietnamese. Ang bagong hamon ay ang pagpapabuhay ng karisma ng mga relihiyosong kongregasyon na mala-propetang napalago ang diyosesis at naghahanap ng mga bagong lokal at internasyonal na bokasyon. At iba pang malaking hamon ay ang dayalogo sa eklesiyal na mga kilusan at ng kanilang posibleng pagsanib na ginabayan ng awtoridad ng lokal na obispo.

Ang komunidad ng diyosesis ay mayroong malaking kayamanan sa kabuuan ng kanyang mga miyembro. Pinagdiin ni Papa Fransisko na "ang oras ay mas malaki kaysa espasyo" ("Evangelii Gaudium" 222), sa malawak na geographical field ng diyosesis ay kinakailangang magnilay sa mga tanda ng panahon na binigay ng Diyos sa atin upang maging tunay na mga saksi sa muling Nabuhay na Hesus sa gitna ng lipunan sa Japan. Kagaya ng mga unang mga Kristiyanos na namuhay at naging saksi na may galak dito sa mundo na hindi kilala si Hesus o ang Kristiyanismo, at dapat din tayong mamuhay sa panahon na ito bilang "Mga saksi sa Nabuhay na Hesus" at magbuo ng komunidad na bukas para sa mga mahihirap at mga higit na nangangailangan sa lipunan.

Alalahanin natin ang testimonya na iniwan para sa ating pananaw ng Gawa ng mga Apostoles: "Sila ay matatag na nagpapatuloy sa turo ng mga apostoles, sa pakikipag-is, a pagpuputol-putol ng tinapay at sa mga panalangin. Nagkaroon ng takot sa bawat kaluluwa at maraming kamangha-manghang gawa at mga tanda ang nangyari sa pamamagitan ng mga apostol. Ang lahat ng mga mananampalataya ay magkakasama at nagbabahaginan sa

lahat ng mga bagay. Ipinagbili nila ang kanilang pag-aari at mga tinatangkilik at ipinamahagi sa sino mang may pangangailangan. Sila ay matatag na nagpatuloy sa templo araw-araw na nagkakaisa. Sila ay nagpuputol-putol ng tinapay sa kanilang mga bahay at tumatanggap ng pagkain na may kasiyahan at kababaang-loob. Sila ay nagpupuri sa Diyos at kinalulugdan ng lahat ng mga tao. Idinagdag ng Panginoon sa kapulungan araw-araw ang mga naliligtas. (Gawa 2:42-47)

Nawa'y si Maria, Ina ng Simbahan at natin, ay palaging magsangalang sa atin laban sa nakasisirang pwersa ng kasamaan ay nawa'y si San Jose, kanyang esposo, ay maggabay sa atin sa paggawa ng serbisyo, lalo na sa pag-aaruga sa mga bata, kabataan at matatanda.

Papa Renato,
Mama Cecilia,
Mga kapatid:
Rafael, Alfonso
Sa Media, Aqua,
Argentina, 1978.



Pagkatapos ng
Unang misa
kasama ang
aking mga
magulang at
Mga kapatid (Fr.
Angel and Reb.
Fidel)
Cordoba,
Argentina, 1984

Siyam na magkapatid
kasama si
Mom Cecilia,
San Juan, Argentina,
2004



Internasyonal
Piyesta.
Hamamatsu,
2012